

Novel Coronavirus (COVID-19)

Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Los Angeles County Mga Pamilihan ng mga Magsasaka at Mga Kaganapan sa Komunidad

Dahil sa dumaraming bilang ng mga kaso sa Los Angeles County, kabilang ang mas maraming transmisyong sa komunidad at ang kamakailang gabay na inilabas ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng California na may kaugnayan sa COVID-19 at mga pamublikong pagtitipon, mga kaganapan sa komunidad, kasama na ang mga nagpapatakbo bilang bahagi ng isang Sertipikadong Pamilihan ng mga Magsasaka ay dapat na kanselahin o ipagpaliban hanggang pagkatapos ng Abril 30, 2020 at hindi mabibigyan ng pangkalusugang pahintulot (health permit) para magbukas. Ang mga kaganapan sa komunidad na dating inaprubahan at binigyan ng pahintulot ay naabisuhan na suspendido ang kanilang pahintulot at bibigyan sila ng pagpipilian na muling ipaiskedyul ang kaganapan o humiling ng pagsasauli sa mga binayad.

Kaugnay sa pangangailangang tiyakin na mayroong mabibiling sariwang pagkain ang mga residente, ang mga panlabas na Sertipikadong Pamilihan ng mga Magsasaka (CFM) na sertipikado ng Estado ng California at nakakuha ng pangkalusugang pahintulot (health permit) para sa isang Sertipikadong Pamilihan ng mga Magsasaka ay pahihintulutan na magbukas kung ang mga kondisyon na naitala sa ibaba ay ipatutupad.

Mga binagong kondisyon sa pagpapatakbo ng mga Sertipikadong Pamilihan ng mga Magsasaka:

- Limitahan ang pagbebenta ng pagkain sa buo at hindi hinati-hating prutas at gulay at mga binalot na pagkain na nakatutugon sa mga pangangailangan ng Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura ng California.
https://www.cdfa.ca.gov/is/i_&c/cfm.html
- Dapat itigil ang operasyon ng mga kaganapan sa komunidad at lahat ng mga pansamantalang pasilidad ng pagkain na may kaugnayan sa CFM.
- Hindi pinahihintulutan ang pagpapatikim ng hindi binalot na pagkain.
- Magpaskil ng mga karatulang nagpapaalala sa mga mamimili ng mga sumusunod:
 - Hugasan ang lahat ng prutas at gulay bago kainin
 - Paalala sa Paghuhugas ng Kamay
<http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/GuidanceHandwashingEnglish.pdf>
 - Paghiling sa mga mamimili na manatili sa bahay kung sila ay may sakit, kahit na banayad na sakit lamang ito. <http://publichealth.lacounty.gov/media/coronavirus/StayHome.pdf>
- Ang mga Tagapangasiwa ng Pamilihan ang may pananagutan para sa pagsubaybay sa dami ng tao para matiyak ang panlipunang pagdistansya ng mamimili.
 - Maglaan ng puwang sa pagitan ng mga istante ng prutas at gulay
 - Irekumenda ang pagtatalaga ng isang empleyado na magtitiyak na nasusunod ang mga pangangailangan sa panlipunang pagdistansya para sa mga naghihintay na makapasok sa CFM, mga bumibili mula sa mga nagtitinda sa pamilihan at sa loob ng pamilihan. Irekumenda ang paglalagay ng marka sa sahig para mapanatili ang sapat na distansya sa loob ng pamilihan.
- Maglaan ng mga lugar kung saan maaaring maghugas ng kamay ang mga mamimili. Irekumenda ang pagbibigay ng panglinis ng kamay na may alkohol na hindi bababa sa 60% para magamit ng mga mamimili bago hawakan ang mga prutas at gulay.
- Tiyakin na ang mga lugar para sa paghuhugas ng kamay ay nasa tabi ng mga pasilidad ng palikuran at may sabon at mga papel na tuwalya sa lahat ng oras. Maglagay ng isang basurahan para sa mga tuwalya at ibakante ito nang madalas.

Mga Empleyado ng Mga Sertipikadong Pamilihan ng mga Magsasaka

- Ang mga empleyadong may sakit ay pinapayuhang manatili sa bahay at huwag bumalik sa trabaho hanggang sa hindi bababa sa 3 araw (72 oras) pagkatapos na gumaling, na nangangahulugan na ang lagnat ay gumaling nang hindi umiinom ng mga gamot na nagpapababa ng lagnat at nagkaroon ng pagbuti sa mga sintomas ng palahingahan (hal., ubo, pangangapos ng hininga), **AT** hindi bababa sa 7 araw ang lumipas mula nang unang

Novel Coronavirus (COVID-19)

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Mga Pamilihan ng mga Magsasaka at Mga Kaganapan sa Komunidad

lumitaw ang mga sintomas. Ang mga empleyado na mukhang may sakit pagdating sa trabaho o nagkaroon ng sakit sa trabaho ay dapat na pauwiin kaagad.

- Ang anumang malapitang pakikisalamuha sa may sakit na mga empleyado ay dapat na i-quarantine ng 14 na araw pagkatapos ng kanilang huling pakikisalamuha sa empleyado. Kasama sa nakasalamuha ng malapitan ay ang lahat ng mga miyembro ng sambahayan, sinumang malapitang nakasalamuha, at lahat ng mga indibidwal na nasa loob ng 6 na talampakan ng may sakit na empleyado nang higit sa 10 minuto, simula ng 48 oras bago magsimula ang mga sintomas ng empleyado hanggang sa matapos ang kanilang panahon ng pagkakahiwalay. Bilang karagdagan, ang sinumang nagkaroon ng ugnayan sa mga likido ng kanilang katawan at/o mga sekresyon (tulad ng naubuhan/nabahingan, naibahagi na kutsara at tinidor o laway o nagbigay ng pangangalaga sa may sakit na empleyado na hindi nagsusuot ng pamprotektang kagamitan) ay dapat na i-quarantine

Mga Tagubilin sa Paghugas ng Kamay para sa Lahat ng Empleyado ng Pamilihan

- Maghugas ng mga kamay at braso gamit ang sabon at maligamgam na tubig nang hindi bababa sa 20 segundo bago:
 - Kumain o uminom
 - Magsuot ng guwantes
- Maghugas ng mga kamay pagkatapos ng mga gawain na ito:
 - Gamitin ang banyo
 - Hawakan ang iyong buhok, mukha, katawan, o mga damit
 - Bumahin, umubo, o gumamit ng tisyu
 - Manigarilyo, kumain, uminom, o ngumuya ng gum
 - Ilabas ang laman ng basura
 - Humawak ng pera at magsukli
 - Alisin ang mga guwantes
 - Matapos lumahok sa ibang gawain na maaaring magkontamina sa mga kamay
- Irekomenda ang pagtatalaga ng empleyado sa anumang oras upang tiyakin na palaging may sabon at tuwalyang papel ang mga lababong hugasan ng kamay.
- Irekomenda ang tamang paggamit ng mga guwantes bilang karagdagang kasangkapan, ngunit mahalagang tandaan na hindi napapalitan ng mga guwantes ang pangangailangang maghugas ng mga kamay at magpanatili ng pagsasanay ng kalinisan sa katawan at lahat ng bagay.

Pangkalahatang Paglilinis

- Madalas na linisin at idisimpekta ang lahat ng ibabaw na “madalas hawakan” tulad ng mga ibabaw ng mesa, mga kounter ng kahera, mga muwebles sa banyo at lababong hugasan ng kamay, at mga basurahan.
- Gumamit ng produktong nakarehistro sa Environmental Protection Agency (EPA) na nakakalinis (nag-aalis ng mga mikrobyo) at nagdidisimpekta (pumapatay ng mga mikrobyo). Palaging sundin ang mga tagubiling nakatatak sa mga produktong panlinis at mga pandisimpekta.

Mga Epektibong Pandisimpekta

- Para makagawa ng isang bleach na solusyon, maghalo ng 4 na kutsarita ng bleach sa 1 litro (4 na baso) ng tubig. Para sa mas malaking suplay, magdagdag ng 1/3 na baso ng bleach sa 1 galong (16 na baso) tubig. Gamitin ang solusyon sa loob ng 20 minuto. Gumamit ng mga test strip upang suriin ang chlorine na solusyon (100 ppm).
- Ang iba pang aprubado ng EPA na mga pandisimpekta ay maaaring gamitin kung ang mga ito ay epektibo

Novel Coronavirus (COVID-19)

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Mga Pamilihan ng mga Magsasaka at Mga Kaganapan sa Komunidad

laban sa Coronavirus. Ang mga mamimili ay maaaring tumawag sa "1-800" na numero na nakatatak sa produkto para sa pagkamabisa nito laban sa "COVID-19".

Wastong Paghawak ng mga Pandisimpekta, mga Bagay at Basura

- Gamitin ang mga kemikal sa isang lugar na may maayos na bentilasyon.
- Iwasan ang paghahalo ng hindi katugma na mga kemikal (basahin ang nakatatak).
- Iwasang madikit ang kemikal sa pagkain habang naglilinis.
- Pangasiwaan nang mabuti ang pagtatapon ng basura sa isang ligtas na lalagyan ng basura.

Ang mga Tagapangasiwa ng Pamilihan ang may pananagutan sa pagtiyak na nasusunod ang mga nabanggit na kondisyon.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa mga Serbisyo sa Pagpapayo sa (888) 700-9995. Para sa karagdagang impormasyon sa Covid-19 bisitahin ang: <http://publichealth.lacounty.gov> o tawagan ang Linya ng Impormasyon ng Los Angeles County sa 2-1-1 na matatawagan nang 24 oras araw-araw.

